# QC Pride Council bubusisiin ang trans woman harassment

Magtitipon ngayong araw ang Quezon City Pride Council matapos ang insidente ng harassment at pagposas sa isang trans woman na sinita sa paggamit ng ladies comfort room sa Farmers Plaza, Cubao.

Ayon kay Quezon City Mayor Joy Belmonte, ang pulong na gagawin sa pagitan ng Council ay upang mapag-usapan ang mga paraan kung paano maiingatan ang karapatan ng LGBTQ members at nang hindi na maulit pa ang nangyari kay Gretchen Custodio Diez.

Si Diez ay nakasuhan pa ng unjust vexation dahil sa pag-video sa ginawang pagtataboy sa kanya ng janitress ng naturang mall nang pasukin ang ladies CR.

"Makasisiguro kayo na lalo pa nating paiigtingin at pagbubutihin ang pagpapatupad ng Gender Fair Ordinance para hindi na maulit ang diskriminasyon na naranasan ni Gretchen Diez, mahalagang ituro ang tungkol sa sexual orientation, at gender identity and expression (SOGIE) para maiwasan ang diskriminasyon," pahayag ni Belmonte.

Ang council ay nilikha ng QC noong 2013 upang matiyak na maayos na naipatutupad ang gender-based policies at mga programa ng QC government para sa mga miyembro ng LGBT.

Una nang giniit ni Belmonte sa mga business establishment sa QC na lagyan ng gender-neutral toilets ang mga palikuran para mabigyan ng patas na pagtrato sa gender issues. *(Angie dela Cruz)*